

FACT SHEET PARA SA MGA PRIVATE COMMITTEE

Ang Inyong Mga Desisyon Sa Pamumuhunan (Investment)

Bilang isang Private Committee na namamahala sa mga gawaing pinansyal ng isang nasa hustong gulang na idineklarang “wala nang kakayahan”, kinakailangan mong magpanatili ng isang makatwirang halaga ng pera sa bank account upang pangasiwaan ang mga karaniwang pangangailangan ng nasa hustong gulang. Anumang halaga na labis doon ay dapat gamitin sa pamumuhunan. Ang mga pamumuhunan na ginagawa mo ay dapat na maging makatwiran at wasto, isinasaalang-alang ang sirkumstansya ng taong pinangangasiwaan mo ang gawain. Matutulungan ka ng fact sheet na ito upang tukuyin ang mga paraang gagamitin kapag pumipili ng naaangkop na mga pamumuhunan.

Mga Kinakailangan sa Maingat na Pamumuhunan

Ayon sa Patients Property Act (Batas ukol sa Ari-arian ng Pasyente) na sa pamumuhunan, ang lahat ng Committee ay trustee (tagapangalaga), sa ilalim ng Trustee Act. Ang Trustee Act ang nagtatatag ng mga pamantayan para sa trustees. Ang pamantayang ito ay tinatawag na “maingat na pamumuhunan”. Samakatuwid, ang mga Committee ay kinakailangang kumilos nang masinop, may kasanayan, masigasig, at pagpapasya ng isang “maingat na pamumuhunan” kapag gumagawa ng mga desisyon sa pamumuhunan. Bilang isang maingat na pamumuhunan, kailangan mong magdibelop ng isang plano sa pamumuhunan o estratehiya na nakasulat.

Habang ang mga rekisito sa maingat na pamumuhunan ay bago sa karamihan ng trustees sa British Columbia, ang mga trustee sa ibang probinsiya at sa states ay pinamamahalaan na ang mga trust investment sa ilalim ng ganitong mga rekisito sa maraming taon. Batay sa mga nakuhang karanasan sa ibang lugar, ang kahulugan ng maingat na pamumuhunan sa pangkalahatan ay:

- Gumawa ng mga kailangang pamumuhunan sa isang maingat na paraan upang maprotektahan ang kapital at kumita.
- Ang mga layunin ng “risk and return” (o pamumuhunan na maaaring magbigay ng mas mataas na kita ngunit may posibilidad na malugi) ay dapat maging makatwiran at naaangkop.
- Makatwirang pagpasok sa iba’t ibang uri ng pamumuhunan.
- Maingat na pag-aatas ng awtoridad sa pamumuhunan sa isang agent.
- Ang trustee ay dapat lamang gumawa ng mga paggastos na makatwiran at naaangkop.
- Magpatupad ng balanseng pamamaraan sa pamamahala ng pamumuhunan.

Dahil sa antas ng pangangasiwa na kinakailangan kapag namumuhunan, maaaring kailangan mong humingi ng tulong sa isang propesyonal (investment professional).

Mga Panganib sa Pamumuhunan

May ilang mga pinansyal na panganib na kaugnay ng pamumuhunan, lalo na kapag ikaw ay namamahala ng mga pamumuhunan ng ibang tao. Kapag nangyari ang isang pagkalugi sa pamumuhunan habang ikaw ang kumikilos na Committee, maaaring personal na panagutan mo ang pagkaluging iyon. Ayon sa Trustee Act, hindi ka maaaring managot para sa isang pagkalugi sa pamumuhunan kung ang iyong mga ginawa na humantong sa pagkalugi ay nakabatay sa isang

Private Committee Services
Public Guardian and Trustee
#700 - 808 West Hastings Street
Vancouver, BC V6C 3L3



Telepono: 604.660.1500
Fax: 604.660.4456
Website: www.trustee.bc.ca

plano sa pamumuhunan o estratehiya, na mayroong mga makatwirang pag-aseso ng “risk and return” at ginawa sa isang maingat na paraan para sa isang katulad na sirkumstansya. Ang Committee ay dapat magsumikap na mapanatili ang “overall portfolio risk” sa isang makatwirang antas kapag nagbubuo ng isang plano sa pamumuhunan o estratehiya para sa isang tao. Halimbawa, ang pangangailangan para sa matatag na kita ay nagmumungkahi ng isang estratehiyang naglilimita sa mga pagbabago ng halaga ng asset (fluctuation). Ang ari-arian ng isang nasa hustong gulang ay di dapat malantad sa mga hindi kinakailangang panganib. Ang isang maingat na namumuhunan ay ilalantad lamang ang ari-arian ng nasa hustong gulang sa isang antas ng panganib na kailangan para makamit ang mga layunin sa pamumuhunan. Ilang mapanuring paraan upang mabawasan ang mga panganib:

- Magdibelop ng isang plano sa pamumuhunan na nakasulat
- Humingi ng propesyonal na tulong
- Gumawa ng iba’t ibang uri ng pamumuhunan
- Mamuhunan sa isang maingat na paraan (iwasan ang mga panganib)
- Subaybayan ang takbo ng pamumuhunan sa isang regular na batayan.

Binibigyang diin ng seksyong ito ang kahalagahan ng pagdedebelop ng isang nakasulat na plano sa pamumuhunan o estratehiya, ang pangangailang humingi ng tulong sa isang kwalipikadong investment adviser, at ang kahalagahan ng pagsubaybay sa takbo ng pamumuhunan na pinamamahalaan mo.

Tulong ng Propesyonal:

Mayroon kang legal na tungkulin na pamahalaan ang mga usapin ng nasa hustong gulang bilang isang maingat na namumuhunan. Gayunpaman, hindi ka inaasahan na mayroong kaalaman at karanasan sa pamumuhunan na tulad ng karamihan ng mga “professional investors”. Pinahihintulutan ka ng Trustee Act na mag-delegate ng iyong awtoridad sa isang agent para pangasiwaan ang pamumuhunan ng nasa hustong gulang. Bilang Committee, maaari kang mag-delegate ng iyong responsibilidad sa isang agent kapag natukoy mo na ang mga layunin sa pamumuhunan at maingat ka sa:

- Pagpili ng isang agent
- Pagtatakda ng mga tuntunin at saklaw ng awtoridad na iniaatas
- Pagtalakay sa agent ng mga layunin sa pamumuhunan
- Pagsubaybay sa mga gawain ng agent upang matiyak na nasusunod ang mga tuntunin na itinalaga.

May ilang mga organisasyon at indibidwal na propesyonal na nagbibigay ng payo ukol sa pamumuhunan, kasama dito ang mga brokerage firm, tagapayo sa pinansya, at tagaplano sa pinansya. Kapag pumipili ng isang agent, dapat mong siguraduhin na sila ay may kaalaman, iginagalang, maaasahan at nauunawaan ang mga legal na kinakailangan ng trustees upang kumilos bilang maingat na namumuhunan. Dapat mong tiyakin na ang mga bayarin (fees) na ipinapanukala ng mga potensyal na investment advisers ay nasa kumpitensya at makatwiran. Tiyakin mong humingi ng mga paliwanag sa lahat ng mga bayarin at komisyon, dahil ang ilang mga produkto sa pamumuhunan, tulad ng “mutual funds” at “segregated funds”, ay maaaring may nakatagong management fees (bayarin sa pangangasiwa) na sinisingil kapag ibinenta ang pamumuhunan sa isang takdang panahon.

Private Committee Services
Public Guardian and Trustee
#700 - 808 West Hastings Street
Vancouver, BC V6C 3L3



Telepono: 604.660.1500
Fax: 604.660.4456
Website: www.trustee.bc.ca

Tukuyin ang Pinansyal na Layunin ng Indibidwal

Ang unang hakbang sa pagdedebelop ng isang plano sa pamumuhunan ay tukuyin ang mga pinansyal na layunin ng tao na pinamamahalaan mo ang mga usapin. Upang gawin ito, kailangan mong malaman kung ano ang iyong pangangasiwaan. Dapat magkaroon ka ng mahusay na pagkaunawa ng mga ari-arian at pananagutan ng nasa hustong gulang. Sa pamamagitan ng paggamit ng impormasyong ito maaari kang gumawa ng isang net worth statement (kabuuan ng ari-arian bawasin ang mga pananagutan ay katumbas ng halaga ng neto) na makakatulong sa iyo na tukuyin kung anong assets ang dapat na i-invest. Kasunod nito, dapat mong ihanda ang budget na nagsasaad ng kasalukuyang kita at mga gastos ng nasa hustong gulang upang matukoy kung mayroong positibong cash flow (ang halaga ng ari-arian ay tumataas) o negatibong cash flow (ang halaga ng ari-arian ay bumababa). Magandang gawing kasanayan na magkaroon ng isang pinansyal na budget na maaari mong sundin sa panahon ng iyong Committeeship.

Kapag mayroon ka ng kaalaman sa kasalukuyang kita at mga gastos, dapat mong tukuyin ang anumang mga makabuluhang babayaran sa hinaharap. Ilang karaniwang halimbawa ang mga karagdagang gastos medikal, gastos sa caregiver /companion, paglalakbay, pagkuha ng isang pinasadyang sasakyan, pagpapaayos ng bahay, o pagbili ng isang matitirhan na karaniwa'y para sa isang mas batang nasa hustong gulang. Ang iba pang dahilan na isinasalang-alang ay ang mga implikasyon ng buwis sa kita, haba ng panahon, pinahihintulatang panganib ng nasa hustong gulang, at anumang mga nakaraang kagustuhan sa pamumuhunan. Pagkatapos na isaalang-alang ang mga usaping ito, dapat na magkaroon ka ng pag-unawa sa mga pinansyal na layunin ng taong iyon.

Magdibelop ng isang Plano sa Pamumuhunan /Estratehiya

Pagkatapos mong tukuyin ang pinansyal na mga layunin ng indibidwal, ang kasunod na hakbang ay tukuyin ang kinakailangang kita sa pamumuhunan upang matugunan ang mga layunin at pagkatapos ay magdibelop ng isang plano sa pamumuhunan /stratehiya para makamit ang mga layuning ito. Mahalagang isaalang-alang sa anumang mga plano sa pamumuhunan ang kasalukuyang kalagayan ng ekonomiya, kalagayan ng kalakal (market condition), diversification, pleksibilidad ng mga pamumuhunan (madaling i-convert sa pera), at makatwirang plano sa pamumuhunan. Mahigpit na inirerekomenda na humingi ka ng propesyonal na tulong mula sa isang kwalipikadong investment adviser na makakatulong sa pagdedebelop ng isang stratehiya sa pamumuhunan.

Mga Opsyon sa Pamumuhunan

Bilang isang maingat na namumuhunan pwede kang mamuhunan sa anumang security o pamumuhunang umaayon sa iyong nakasulat na plano sa pamumuhunan / stratehiya. Ang ilan sa mga pangkaraniwang produkto sa pamumuhunan o security na maaari mong gamitin sa pamumuhunan ng pondo ang, ngunit hindi limitado sa:

Debt Securities:

- Guaranteed Investment Certificates (GICs) (mga may garantiyang pamumuhunan)
- Treasury Bills (T-bill) (mga short-term na pamumuhunan)
- Savings Bonds
- Bonds (mga bono)
- Debentures (pangmatagalang pamumuhunan)

Private Committee Services
Public Guardian and Trustee
#700 - 808 West Hastings Street
Vancouver, BC V6C 3L3



Telepono: 604.660.1500
Fax: 604.660.4456
Website: www.trustee.bc.ca

Equity Securities:

- Common Shares
- Preferred Shares

Mga Pondo sa Investment:

- Mutual Funds (isang uri ng kolektibong pamumuhunan)
- Segregated Funds (indibidwal na pamuhunan sa isa o higit pang mga asset)
- Closed-End Investment Funds (pamumuhunan na batay sa dami ng shares)
- Labour Sponsored Investment Funds (mga pamumuhunan na suportado ng paggawa)

Insured Deposits

Mahigpit naming inirerekumenda na magdeposito lamang ng inyong pondo sa mga bangko, credit union at iba pang mga pinansyal na institusyong kaanib sa Canada Deposit Insurance Corporation (CDIC), o sa Credit Union Deposit Insurance Corporation (CUDIC). Ang pagdedeposito sa mga nabanggit na miyembrong institusyon ay awtomatikong nakaseguro laban sa pagkalugi, sa isang limitadong halaga. Ang mga limit ng seguro para sa mga bangko ay kasalukuyang \$60,000, at para sa credit mga unyon, ay \$100,000. Maaaring nais mong panatilihin ang halaga ng deposito sa alinmang institusyon sa ilalim ng limit na iyon.

Personal Loans

Ang pagpapalawak ng personal loans para sa iyong sarili o mga taong may kaugnayan ay itinuturing na hindi naaangkop na pamumuhunan kapag sinusuri namin ang iyong Committeeship accounts dahil ito ay isang tuwirang salungatan ng interes (conflict of Interest). Kapag ini-appoint ng Hukuman, ang mga Committee ay nasa isang posisyon ng tiwala na pangasiwaan ang mga gawain ng isang tao at hindi sila maaaring makinabang sa anumang paraan mula sa mga pondo na kanilang pinamamahalaan. Gayundin, ang Committee ang siyang mananagot sa mga desisyon nilang ginawa at kaya dapat laging magsumikap na bawasan ang panganib ng pagkalugi sa pamumuhunan kapag namamahala ng mga gawain ng isang nasa hustong gulang.

Real Estate

Ang paggawa ng mga pamumuhunan sa real estate para sa layuning kumita sa upa o para sa “development” ay maaaring labis na mapanganib. Ang ganitong mga uri ng pamumuhunan ay nangangailangan ng malaking halaga ng kapital (dollars) samantalang ang maaasahang kita sa puhunan (investment return) ay nababatay sa market value ng real estate (pagbabaka-sakali sa presyo). Para sa karamihan ng Committeeship, ang ganitong uri ng pamumuhunan ay hindi itinuturing na maingat. Kung nais mong mamuhunan sa real estate, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong Committee Review Officer upang mas malalim na talakayin ang mga usaping ito.

Ang tao na kinakatawan mo bilang Committee ay maaaring may-ari na ng real estate o pwedeng kailangan ng isang bahay na matitirhan. Ang pagmimintina o pagbili ng bahay para matirhan ng nasa hustong gulang ay maaaring maging isang naaangkop na pamumuhunan.

Private Committee Services
Public Guardian and Trustee
#700 - 808 West Hastings Street
Vancouver, BC V6C 3L3



Telepono: 604.660.1500
Fax: 604.660.4456
Website: www.trustee.bc.ca

Mga Ginto, Sining, at Iba pang mga Pamumuhunan

Ang pamumuhunan sa mga mamahaling metal, sining, at mga antigong kasangkapan ay hindi itinuturing na maingat o matalinong desisyon sa pamumuhunan para sa karamihan ng Committee. Ang nasabing assets na kasalukuyang pag-aari ng mga indibidwal para sa kanilang personal na kasiyahan ay hindi dapat na ibenta. Ang gayong mga pamumuhunan ay madalas na hindi ligtas at maaaring mahirap na ibenta ang mga ito sa isang takdang panahon. Tandaan, bilang isang “maingat na namumuhunan” kailangan mong magdibelop ng plano sa pamumuhunan na nagbabalanse sa panganib at na kumita ng angkop sa puhunan.

Investor Education Kit

Ang BC Securities Commission ay may ginawang isang Investor Education Kit na maaari mong mapakinabangan. Habang ang impormasyon ay isinulat upang tulungan ang isang indibidwal na pamahalaan ang kanyang sariling mga pamumuhunan, maaari mo itong gamitin bilang Committee. Ang ilan sa mga polyetong kasama ay ang:

- Pagsisimula
- Worksheet para sa Pagpapalano sa Pamumuhunan
- Pagpili ng Iyong mga Pinansyal na Tagapayo
- Mutual Funds
- Ang Pamumuhunan at ang Internet
- Katangian ng Iba't-ibang uri ng Securities (poster)

Upang makakuha ng Investor Education Kit, maaari mong kontakin ang British Columbia Securities Commission sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-373-6393, o mag email sa inquiries@bcsc.bc.ca. Maaari mo ring tingnan sa, o mai-print ang mga impormasyon sa BCSC website sa www.bcsc.bc.ca.

Pagsusuri ng Pamumuhunan

Kapag isinumite mo ang iyong accounts para sa pagrepaso, susuriin ng Public Guardian and Trustee ang mga pamumuhunan na iyong pinamamahalaan bilang Committee. Hihilingin sa iyo na magbigay ng isang kopya ng iyong plano sa pamumuhunan o estratehiya kasama ng detalyadong impormasyon tungkol sa mga pamumuhunang pinangasiwaan mo. Rerepasuhin ng Committee Review Officer ang iyong impormasyong upang matiyak na pinamamahalaan mo ang pamumuhunan ng nasa hustong gulang sa isang maingat at propesyonal na paraan. Kung ikaw ay namuhunan ng pondo sa isang hindi maingat na paraan, maaari kang managot para sa mga pagkalugi sa ari-arian ng nasa hustong gulang. Hindi aaprubahan ng Public Guardian and Trustee ang iyong accounts kapag ang mga pagpapasya sa pamumuhunan ay hindi naaangkop.

Kung may mga Katanungan, Mangyaring Tumawag sa Amin

Ang pamamahala ng mga pamumuhunan ay maaaring mahirap na unawain at nakakatakot na responsibilidad. Ang konsepto ng isang maingat na pamumuhunan ay inilabas kamakailan lamang sa aming Trustee Act at maaaring mayroon kang mga katanungan. Maaari mong mapakinabangan ang aming website sa www.trustee.bc.ca bilang mapagbabatayan. Mangyaring kontakin ang iyong Committee Review Officer kung may mga katanungan ka tungkol sa pamumuhunan at iyong Committeeship.

Private Committee Services
Public Guardian and Trustee
#700 - 808 West Hastings Street
Vancouver, BC V6C 3L3



Telepono: 604.660.1500
Fax: 604.660.4456
Website: www.trustee.bc.ca